

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa mga Panlaping Makadiwa

Kakayahan: Natutukoy ang mga panlaping ginagamit sa pagbuo ng pandiwa

Salungguhitan ang pandiwa sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang panlaping makadiwa na ikinabit dito.

- _____ 1. Nagtrabaho si Sam sa Singapore noong 2011.
- _____ 2. Si Ate Ruby ay maglilinis sa kusina.
- _____ 3. Kinuha niya ang walis at pandakot sa likod ng pinto.
- _____ 4. Handugan natin ng mga bulaklak ang imahen.
- _____ 5. Kanina pa umalis ng bahay ang mga bata.
- _____ 6. Tinanggap ni Rosita ang aming munting regalo.
- _____ 7. Pwede mo ba akong samahan sa palengke bukas?
- _____ 8. Ang takot na pusa ay tumakbo nang mabilis.
- _____ 9. Dito naman kayo magbakasyon sa Disyembre.
- _____ 10. Sino ba ang gumupit ng buhok mo?
- _____ 11. Umpisahan na natin ang pagsusulit sa Sibika at Kultura.
- _____ 12. Hulaan mo kung ano ang regalo ko para sa iyo.
- _____ 13. Si Denise ang unang nagsalita sa pulong.
- _____ 14. Sa may likod ng silid siya umupo.
- _____ 15. Guminhawa ang pakiramdam ni Lauren.